# 1

Malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Janelle Llorente. Nakatanaw siya sa lalaking papalapit sa bakuran ng isang bahay sa kabilang panig ng kalye. Two houses away ang distansya ng kanilang mga tahanan. At ang lalaking iyon ay walang iba kundi ang guwapong kapitbahay niyang si Rusty Orencia na matagal na niyang pinagpapantasyahan.

Maaga pa nang Sabado na iyon ay nasa balcony na siya sa second floor ng bahay nila. Hinihintay niya ang pagbabalik ng binata mula sa morning jog na nakaugalian na nitong gawin. Nang makita niya itong dumarating ay bumilis ang pagtibok ng kanyang puso. Pakiramdam niya ang mahihimatay na siya sa sobrang kilig. Nang mapatingin ito sa direksyon niya ay nginitian siya nito at kinawayan. Gumanti siya ng matamis na ngiti at kumaway rin.

Tumigil si Rusty sa tapat ng gate ng bahay nito. Humihingal na kinuha nito ang cellphone mula sa belt bag nito at pumindot sa keypad.

Naramdaman ni Janelle na nag-vibrate ang cellphone niyang nasa bulsa ng shorts. Nakita niyang pangalan ng binata bilang caller ang naka-reflect sa

LCD. Napangiti siya at excited na sinagot ang tawag habang nakatanaw sa kaibigan.

Nakatingin ito sa direksyon niya. “Hello, Jane. Nag-almusal ka na ba?” anito sa baritonong tinig. Tinatawag siya nito sa ganoong pangalan kapag naglalambing ito.

Natawa siya. “Tumawag ka lang ba para lang tanungin ’yan? Nag-almusal na po ako.”

“Kahit na. Gusto kong pumunta ka sa bahay. Saluhan mo ako sa almusal.”

Nagkunwari siyang tumanggi ngunit kinikilig naman. “Ayoko. Nahihiya ako.”

Natawa ito. “Meron ka pa ba n’on?”

“Siyempre naman. Lagi na lang ako nakikikain diyan.”

Muli itong natawa. “So? Okay lang ’yon. Sige na, come over. May pag-uusapan din tayo.”

Hindi siya nakakibo. Ano ang pag-uusapan nila? Magtatapat ba ito ng pag-ibig?

*Heh!* saway niya sa isip. *Huwag kang mag-isip ng kung anu-ano at baka masaktan ka lang.*

*Kung sana nga ay sabihin niyang ‘I love you.’ Oh,*

*Rusty!* kulit ng kanyang puso.

“Jane?” pukaw ng binata.

“H-ha? O-oo, sige, pupunta na ako d’yan,” kandautal na tugon niya. “Teka, ikaw ang may kailangan sa akin, ikaw dapat ang magpunta rito.”

“Janelle naman,” reklamo nito.

“Okay, okay. Hintayin mo ako.”

Tinapos nila ang pag-uusap. Kumaway muna si Rusty bago pumasok sa gate ng bahay nito. Nanatiling nakatayo sa balcony si Janelle, nangingiti habang sinusundan ng tingin ang pigura ng binata hanggang nakapasok na ito sa loob ng tahanan nito.

“Hoy!”

Napakislot siya nang isang daliri ang sumundot sa kanyang tagiliran. Inis na nilingon niya si Chatty, ang kanyang pinsan na nakikitira sa kanila. Isa itong nurse at itinuturing niyang best friend. Alam nito ang lihim niyang pag-ibig para sa lalaki.

“Pinapapunta ka ni Rusty sa bahay niya, ano!” nakakalokong saad nito.

Muli siyang tumingin sa direksyon ng bahay ng lalaki. Dramatikong nag-expel siya ng buntong-hininga.

"Yes, as usual," tugon ni Janelle. Bahagyang nilalaro ng hangin ang kanyang mahabang buhok. Maganda siya, katamtaman ang taas at fair-complexioned. A twenty-three-year-old lass, masasabing isa siyang head-turner. Iyon nga lang, mukhang suplada.

Nagtapos siya ng pre-school, elementary at high school sa isang exclusive school for girls na managed ng mga madre. Sa college naman ay nag-graduate siya with a degree in Mass Communications mula sa isang sikat na university. Buhay pa ang kanyang mga magulang. Solong anak lamang siya.

"Pikutin mo na si Rusty. Idaan mo na lang sa santong paspasan nang maging asawa mo na siya," pilyang saad ng pinsan. "Hindi na makakawala sa 'yo ang manhid at bulag mong kaibigan."

Nanlaki ang kanyang mga mata, sabay napaawang ang kanyang bibig at napatingin dito. "Pikutin siya? Heh!" aniya at binatukan ito.

"Aray!" aringking nito. "Bah! Buti nga 'yon, at least, iyong-iyo na siya. Hindi na siya maaagaw ng iba—"

"Hay naku! Maiwan na kita at hinihintay na ako ng aking Prince Charming." Nagmamadali niyang iniwan ang pinsan sa balkonahe.

"Pikon!" natatawang pahabol ni Chatty.

Habang papunta si Janelle sa bahay ng binata ay napapangiti siya. Una niyang nakita si Rusty noong under construction pa ang bahay nito at inakala niyang ito ang architect. Nasalubong niya ito habang nagbibisikleta siya isang hapon at papasok naman ito sa kotse. Nang ngitian siya nito ay lumukso ang kanyang puso. Kaagad siyang na-attract dito at nasabi niya sa sariling ang guwapo nito. Subalit hindi na naulit ang kanilang pagkikita sapagkat naging abala na siya sa kanyang trabaho. Umasam siyang sana ay muli niyang makita ang lalaki.

Nang lumipat na ang binata sa ipinagawa nitong bahay sa exclusive subdivision na iyon three months ago at makilala niya ito formally, lalo pa siyang na-attract dito. Ito ang kabuuan ng dream boy niya—tall and handsome, macho at medyo dark. May traits itong kahanga-hanga. Hindi na ito nawala sa kanyang isip mula noon.

It was on that lovely Saturday morning that their friendship started. But she was disappointed to learn that he was already taken at that time. Pero nang magtagal ang kanilang pagkakakilala, eksaktong isang buwan pagkatapos ng kanilang pagkikita sa mini-park ng subdivision, ibinalita nitong hiwalay

na sila ng girlfriend nito. Siyempre ikinagalak niyang malaman iyon. Alam din niyang may nakarelasyon na si Rusty noon bago dumating ang huling nobya nito. Ang simpleng paghanga niya ay napalitan ng mas malalim na emotion. She was secretly in love with this man. Pero wala itong kamalay-malay sa totoong damdamin niya at kaibigan lang ang tingin sa kanya.

Mayroon din namang lalaki noon na naka-attract ng kanyang atensyon noong college at kamuntikan na niyang maging boyfriend kung hindi lang dahil sa isang masaklap na pangyayari. Subalit kung ikukumpara ang naging feelings niya sa lalaking iyon na ayaw na niyang maalala pa, mas malaki ang tama niya kay Rusty.

---

Kahit nag-almusal na ay pinilit pa rin ni Rusty na kumain si Janelle kahit kaunti. Habang kumakain sila ay nako-conscious ang dalaga dahil katabi lang niya ang kapitbahay. Sinikap niyang maging kaswal ang kilos para hindi nito mahalatang kinikilig siya. Kung anu-ano lang ang pinagkuwentuhan nila bago dumating sa talagang topic of discussion. Patapos na silang kumain.

"Jane, may out-of-town trip ka ba?" tanong ng binata matapos malunok ang huling piraso ng tinapay.

Kasama nito sa bahay ang dalawang katulong at isang hardinero. Nakabukod na ito sa mga magulang. Nasa Australia ang mag-asawa at sinasamahan ang bunsong kapatid nitong nanganak. Mayroong family business na pinangangasiwaan si Rusty, ang courier services. Twenty-six na ito.

Inubos muna ng dalaga ang natitirang juice sa baso bago sumagot, "Ngayon? Wala. Ba't mo naitanong?" Isa siya sa mga editors ng isang business newspaper. Nagagawa niyang pumunta sa iba't ibang sulok ng bansa at minsan ay nakakapag-abroad siya dahil hinihingi rin iyon ng kanyang trabaho.

Nagkibit-balikat ito. "Wala. Gusto ko lang na isama ka sa Cavite. Dadalawin ko ang lola kong nagbalik-bayan. Sinabi kong isasama kita." Kamakailan lang ay bumalik galing New Zealand ang lola nito sa ina, si Mrs. Basilia Marañon. Doon na nakatira ang matanda. Umuwi lamang ito sa Pilipinas upang magbakasyon.

Natuwa siya sa nalamang narito na ang abuela ng binata, pero at the same time ay bumulusok ang kanyang kalooban. Akala pa naman niya ay.... Pero bakit siya aasa na magsasabi ito ng saloobin? Magkaibigan lang sila. Sinikap pa rin niyang maging masigla.

"Talaga? Umuwi na si Lola Basilia?"

Nakangiting tumango ito. Kinuha nito ang table napkin at pinunsan ang bibig.

"That's nice. Pero... 'sus!" Napatampal pa siya sa noo. "Akala ko pa naman kung ano'ng malaking problema mo at pinapunta-punta mo pa ako rito," pagtatakip niya sa disappointment. "Magpapasama ka lang pala. Ano ako, alalay mo?" irap ni Janelle.

"Ikaw naman, dati ka nang nagpupunta rito kahit hindi ko sabihin. Saka dati na rin kitang isinasama sa Cavite kahit wala pa noon ang lola ko," parang nagtatampong sabi ng binata. "Kilala ka na rin ni Lola sa mga kuwento ko. Madalas kong ibida sa kanya ang maganda at mabait kong kapitbahay. Sinabi ko ring ikaw ang best friend kong babae."

May best friend din itong lalaki. Sa dinami-rami ng babaeng nakilala nito, wala itong itinuring na best friend kundi si Janelle. Click na kaagad sila sa umpisa pa lang. Hindi siya kinakitaan ni Rusty ng pagpapakitang-motibo di tulad ng ibang babae na nang makilala ito ay lumalandi na, nagpapapansin. At hindi nito gusto ang ganoong tipo. It was a big turn-off for him.

Tumaba ang puso niya. "At bakit naman, aber?"

"Of course. Natural lang na magkuwento tungkol

sa mga kaibigan lalo na't best friend."

"Ano naman ang mga sinabi mo?" curious na tanong niya.

Nag-isip ito kunwari. "Well, sinabi kong ikaw ang pinaka-weird at pinakakengkoy na babaeng nakilala ko—Aray!" aringking nito nang hampasin niya sa balikat.

"'Langhiya ka! Ikaw yata, 'no!"

"Ow? Ako ba? Ikaw nga d'yan kung minsan hindi ko maintindihan ang takbo ng isip. 'Andoon pansinin mo nang ilang beses ang hindi na natapos na building sa Ortigas, kesyo nanghihinayang ka dahil malaki rin ang nagastos ng nagpagawa; mamaya niyan magtatanong ka sa akin kung anong puno ba 'yung nakikita mo. Ano pa? Ah, nandoong magyaya kang pumunta sa mall 'tapos mamaya'y sasabihin mong huwag na dahil baka may bombang sumabog, etcetera, etcetera," natatawang pag-e-enumerate nito.

Sinimangutan niya ang lalaki.

Malambing na pinisil ni Rusty ang ilong ng dalaga. "Ayusin mo nga 'yang mukha mo. Pumapangit ka. Ayoko ng simang."

Napakunot-noo siya. “Simang?”

“Simangot!” natatawa pa ring sabi nito. Nang makita nitong tinaasan niya ito ng kilay ay sinundot siya nito sa tagiliran.

“Aray! Hoy, Rusty Orencia! Huwag mo nga akong masundut-sundot at baka kung ano pa ang masundot mo,” saway niya.

“Ow? Kung masundot ko ba ’yon, ano’ng gagawin mo? Pipikutin mo ako?” nakakalokong saad nito.

Namula si Janelle. Naalala niya ang sinabi ni Chatty. “Heh! Ikaw, pipikutin ko? Hindi tayo talo, ’no!” Inirapan niya ito. “Hindi kita type!” *Tulak ng bibig, kabig ng dibdib*, naisip niya.

*Aray....* saloob ni Rusty. Tiningnan siya nito nang matiim bago muling sinundot sa tagiliran.

“Ano ba! Tumigil ka nga at baka sikuhin kita, sige,” banta niya. Iniumang niya rito ang siko. “Gusto mo?”

Natatawang nagtaas ito ng mga kamay bilang pagsuko. “Ikaw naman, hindi na mabiro. Nilalambing ka lang.”

“Tse! Ayoko ng ganyang paglalambing. Ang sakit mong manundot, kumag ka!”

"Rusty Marañon Orencia po ang pangalan ko at hindi 'kumag,'" pang-aalaska nito.

Umikot ang eyeballs ni Janelle. "Whatever," nakaingos na sabi niya. Nang tingnan niya ang kaibigan, nakangisi ito. "Hay naku! Maiwan na kitang alaskador ka!" Umakma na siyang tatayo ngunit napigilan siya nito. Kinabig na siya nito, ang braso ay nakaakbay sa leeg niya na para bang sasakalin siya nito. "Rusty!"

"Oops! Akala mo makakaalis ka, hindi po. Hindi pa tayo tapos mag-usap."

Dikit na dikit ang kanilang mga katawan. Napakalapit ng mukha nito sa kanya at nalalanghap niya ang masculine scent nito. Bumilis ang pagtibok ng puso niya at natatakot siyang maririnig nito iyon. Sinikap niyang lumayo para payapain ang sarili, pero hindi siya hinayaan nito. Ikinawit pa nito ang malayang kamay sa braso nitong nakaakbay sa kanya. Pakiramdam niya ay nakakulong siya sa mainit na yakap nito. Hindi siya makatingin dito.

"Jane..." mahinang tawag nito.

"What is it this time?" mataray niyang tanong para pagtakpan ang naghuhuramentadong kalooban dahil sa pagkakalapit nila. *Hay! Ang guwapo talaga*

*ng loko*, tahimik niyang sabi sa isip nang saglit itong sulyapan. Iyon din ang naging self-dialogue niya the first time their paths crossed.

Naaaliw itong pagmasdan ang mga pisngi niyang namumulang parang kamatis. "Ang best friend ko, ang cute kapag nagba-blush. I like it," pasakalye nito. *At maganda... napaka!*

Lalo siyang namula. "Puwede ba, Rusty, nasasakal na ako," aniyang pilit na inaalis ang mga braso nitong nakapulupot sa kanyang leeg.

"Hep, hep! Hindi ka puwedeng tumakas," pigil nito.

"Ano ba, lumayu-layo ka nga!"

"No way!"

Alam niyang hindi siya makakawala rito. Nag-isip siya ng paraan na mapagluwag nito ang pagkakayakap sa kanya. Sinundot niya ito sa magkabilang tagiliran, dahilan upang kahit papaano ay maalis ang mga braso nitong kumukulong sa kanya. Mabilis siyang tumayo.

Isang nagbabantang tingin ang ipinukol nito sa kanya. *Humanda ka sa akin*, iyon ang ibig sabihin.

Namaywang siya. "Don't start again, Rusty."

Humagalpak ito ng tawa.

"Hay, diyan ka na nga!" Iiwan na sana niya ito pero mabilis itong nakatayo at napigilan siya sa braso. Iniumang niya rito ang kamao. "Hindi ka ba titigil, ha?"

Hinawakan nito ang nakakuyom na kamay niya saka inakbayan siya. "Jane, my best friend, pikon ka talaga," anito na masuyong nakatingin sa kanyang mukha.

Pinukulan niya ito ng masamang tingin. Natawa ito at niyakap siya.

"Ano, sama ka na sa akin sa Cavite, please?" nakangiting lambing nito.

Please. Pakiramdam ni Janelle ay nanlalambot siya. Kapag binabanggit nito ang katagang iyon ay hindi niya ito magawang tanggihan.

"Oh, all right. Anong oras?"

Lumawak ang pagkakangiti ni Rusty. Hindi nito napigilan ang sariling hagkan siya sa pisngi sa labis na tuwa.

# 2

Tumigil sa garahe ng ancestral house ang gray *Toyota Camry* ni Rusty pagdating sa Alfonso, Cavite. Matapos alalayan sa pagbaba ng kotse si Janelle, nilakad nila ang stone pathway patungo sa hagdanan papasok sa loob ng malaking bahay.

Masaya silang sinalubong ni Lola Basilia nang marinig nito ang kanilang pagdating.

"Rusty, hijo."

Hinalikan ito ng apo sa pisngi at masuyong niyakap. "Welcome home, Lola."

"Thank you, hijo." Nang magkalas ng yakap ang maglola ay pinagmasdan ng matanda si Rusty. "Napakaguwapo't napakakisig talaga ng apo ko. It's been—what—seven years since I last came home. Kamukhang-kamukha mo talaga ang papa mo." Ngumiti ito. "I know your parents are in Australia. Nakakatuwang isiping mayroon ulit akong apo sa tuhod at sa kapatid mo naman. Kaya ikaw, maghanap ka na ng nobya nang makapag-asawa ka na't magkaroon ng anak. Aba'y hindi ka na bumabata. Gurang ka na."

Napakamot ito sa batok. "Lola naman..."

Natawa ang matanda at si Janelle naman ay napahagikgik. Napabaling ang tingin nito sa kanya. Bumakas ang satisfaction sa mukha nito nang makita kung gaano siya kaganda.

"Ito na ba si Janelle, hijo?"

Napatingin ang binata sa kanya at inakbayan. "Yes, Lola. This is Janelle, my best friend. Janelle, si Lola Basilia," pagpapakilala nito sa dalawang babae.

Humalik siya sa pisngi ng abuela nito. "Kumusta po kayo?" magalang na bati niya.

"Mabuti naman, hija. Natutuwa ako't isinama ka rito ng apo ko," ani Lola Basilia. Pinagmasdan sila nito. "Bagay na bagay kayo. Talaga bang best friends lang kayo at hindi... alam n'yo na."

Kapwa namula ang magkaibigan.

"Hindi ho, Lola Basilia," tanggi niya. "Rusty and I are just the best of friends." *Aray naman! Talaga bang hanggang doon na lang kami?* himutok niya sa sarili.

"That's right, Lola." Nakangiti man ang binata ay hindi iyon umabot sa mga mata nito. May isang emosyong mababanaag doon.

"Ah, bakit nga ba dito tayo nag-uusap? Doon tayo sa veranda," anang matanda.

Ilang sandali pa ay nagmemerienda na sila sa mahanging bahaging iyon ng bahay. Marami silang napagkuwentuhan—mga nakakatawang insidente, nostalgic memories. Mayamaya ay nagpaalam sandali si Janelle na pupunta lang ng banyo. Matapos sabihin ni Lola Basilia ang direksyon ay iniwan niya ang mga ito.

Sinundan ng tingin ni Rusty ang papalayong pigura ng dalaga. Lihim na napangiti ang matanda sa ginawa ng apo.

"She's very beautiful, isn't she? Mabait din siyang bata," pukaw nito.

Para naman siyang natauhan. "Y-yes, she is. I'm proud to have her as my best friend."

"Best friend lang? Alam mo, hijo, matagal na panahon bago ka nakahanap ng kasintahan kapalit ni... ng haliparot na babaeng 'yon," nakasimangot na tukoy nito sa ex-girlfriend niyang si Stacey Villeca na nagtaksil sa kanya. "Pero hindi naman kayo nagtagal ni Aira. And that Stacey, baka naman umaasa ka pang magkabalikan kayo?" Tumaas ang kilay nito.

Umiling-iling siya. "No, Lola. Hindi ako tanga

para umasam na kami pa rin ang magkakatuluyan. Tama nang nakarelasyon ko minsan si Stacey."

"Mabuti naman." Nakahinga ito nang maluwag. Bumalik ito sa pangungulit sa kanya. "Hindi ka ba naiinggit sa kapwa mo lalaki na may mga girlfriends na? Hindi ka pa ba nagsasawa sa pagiging available mo?"

Natawa si Rusty. "Lola, wala akong panahong makipagrelasyon. I'm too busy running the family business para makapanligaw man lang."

"'Sus! Itong batang 'to. Wala ka man lang bang matipuhan na babae kahit na 'yung nasa malapit lang?" nanunuksong tanong nito.

Iiling-iling na muli siyang natawa. Natumbok niya ang ibig nitong sabihin. "Lola, sinabi ko nang magkaibigan lang kami ni Janelle."

Iwinasiwas nito ang kamay. "Bakit, ang magkaibigan ba'y di puwedeng magka-ibigan? Aba, maraming nangyayaring ganyan. Para sabihin ko sa 'yo, boto ako kay Janelle para maging girlfriend mo."

Napatingin siya sa abuela. "Lola, hindi kami talo ni Janelle. Ilang beses ko nang sinabi sa inyo 'yan. Ayokong masira ang friendship namin kapag tinangka ko siyang ligawan."

"Ah, basta! Gusto kong maging girlfriend mo ang best friend mo. Ano pa ba'ng hahanapin mo d'on? Kilalang-kilala mo na siya. Isa pa, magandang foundation ang pagkakaibigan para sa isang malalimang ugnayan and eventually, marriage." Nanunukso ang tinging ipinukol nito sa kanya. "Sigurado akong pagkagagandang bata ang magiging mga anak n'yo kapag kayo ang nagkatuluyan. Maganda si Janelle at guwapo ka naman."

Napabuntong-hininga siya nang malalim. "Lola..."

"All right, all right. Kung hindi mo puwedeng maging nobya si Janelle, at least, mag-present ka ng babaeng maipapakilala mo sa akin na girlfriend mo. Basta mapapaligaya ka ng kung sinumang babaeng iyon. At... siguraduhin mong magugustuhan ko siya."

Napaisip siya, napatingin sa puno ng mangga sa di-kalayuan. "At sino naman kaya?"

"Problema mo na 'yon, 'no! Pero talaga bang hindi kayo puwede ni Janelle?" hirit pa rin nito. "Hindi naman siguro masisira ang pagkakaibigan n'yo kung liligawan mo siya. Matutuwa 'yon lalo na kung... gusto ka pala niya."

Muli siyang napatingin sa abuela. *Gusto nga ba*

*ako ni Janelle?* tanong ng isang bahagi ng isip niya. *Huwag ka nang magpantasya. Sinabi mo nang hindi kayo talo, giit naman ng kabila.*

“Walang masama kung susubukan mo. Pareho naman kayong malaya. Isa pa, may gusto ka diyan sa matalik mong kaibigan.” Itinaas nito ang kamay upang pigilan siya sa tangkang pagprotesta. “Don’t dare deny it. I can see the way you look at her.”

Isang napakalalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Rusty. Hindi siya makasagot.

“Ikaw rin ang magsisisi kapag pinakawalan mo si Janelle, hijo. She’s a good catch. Pero kung ganyang hindi mo siya puwedeng ligawan, nasa iyo ’yan. I’m just trying to let you see the light. Hindi masamang ligawan mo ang best friend mo kung talagang may nararamdaman ka para sa kanya. If you try to fight it, lalo lamang iyong titindi; lalo lamang siyang mapapamahal sa ’yo.

“Now, kung kaya mong pagtakpan ang nararamdaman mo kay Janelle by finding someone else, that’s up to you. Kapag nawala sa ’yo si Janelle, ikaw rin ang magdurusa,” pangaral ni Lola Basilia.

Hindi pa rin makasagot si Rusty.

“Now, the next time you come here, gusto

kong may girlfriend ka na. Huwag na huwag kang magpapakita rito kung wala kang maipapakilala."

---

Naglalakad sa malawak na garden ang magkaibigan matapos makapagmerienda. Humantong sila sa tapat ng fountain at pinanood ang tubig na bumabagsak mula sa jar na hawak na isang anghel. Malalim ang isip ni Rusty. Hindi nito malimut-limutan ang sinabi ng abuela. Kung hindi pa ito tinapik ni Janelle sa balikat ay hindi nito maaalalang kasama pala siya nito.

Napuna niya ang pananahimik nito at nag-alala siya. "You're awfully quiet, Rusty. May problema ba?"

Mapakla ang ngiting sumilay sa mga labi nito. Kilala na talaga ito ng dalaga. Nalalaman niya kung may problema ito o wala.

"W-wala naman. Huwag mo na lang akong pansinin," pagkakaila ni Rusty. Hindi nito masasabi ang pinag-usapan nila ni Lola Basilia.

Masuyo niyang ikinawit ang kamay sa braso nito; walang malisya iyon. "Russ, maglilihim ka ba naman sa akin? Hindi na ako iba sa 'yo, di ba?" Ngumiti siya rito.

“I know. It’s just that....” Napabuntong-hininga ito. “Wala, wala. I don’t have a problem.”

Hindi na nangulit si Janelle. Alam niyang may problema ang kaibigan, ayaw lang nitong sabihin sa kanya. Hindi na lang niya pinalawig ang usapan.

Napatingin naman si Rusty sa kanya. Hindi nito maiwasang lalong humanga sa napakagandang babaeng katabi. Kaibig-ibig nga naman si Janelle.

Nang mapasulyap siya sa binata, mabilis itong umiwas ng tingin. Lihim siyang napangiti. Sa loob-loob ay kilig na kilig siya. Naramdaman niya kanina na nakatitig ito sa kanya at nako-conscious siya. Para hindi masyadong maasiwa, naisip niyang ibaling ang tingin dito mula sa fountain. At iyon nga, huling-huli niya ito.

Malambing na pinisil niya ang ilong ni Rusty at nagkatawanan sila.

“Parang gusto kong kumain ng Indian mango. Manguha tayo, Rusty,” sabi niya nang mapatingin sa puno ng mangga na hitik sa bunga.

Napatingin din doon ang binata. “Bakit, naglilihi ka ba?” tukso nito. “Sino ang tatay?”

Kinurot niya ito nang pino sa braso.

"Ikaw talaga, kahit kailan palabiro ka. Sige na, kuha tayo."

"Sure, why not?" kumislap ang mga matang tugon nito. Inakbayan na siya nito at naglakad sila patungo sa puno.

Sa di-kalayuan, nasisiyahan si Lola Basilia habang pinanonood sila. Nang makakuha sila ng mangga at makahingi ng alamang, peeler at kutsilyo, sarap na sarap na nilantakan nila iyon habang nakaupo sa wooden bench sa lilim ng puno. May pasubu-subo pa sila at tawanan. Hindi tuloy naiwasan ng matanda ang mangarap habang pinanonood ang matamis na tagpo.

Nasisiyahan naman si Rusty habang pinagmamasdan ang pagkain ni Janelle ng mangga. Iniisip nito ang hitsura niya na buntis pero magandang-maganda pa rin. Alam nitong kung magkakaanak siya ay maganda ang sanggol na babae at guwapo kung lalaki. At ang ama.... Ipinilig ng binata ang ulo. Ba't ba ganoon ang naglalaro sa balintataw nito?

Napansin ng dalaga ang maliit na piraso ng mangga sa gilid ng bibig ng kaharap. Natatawang inalis niya iyon.

"Para kang bata, alam mo ba 'yon? Hayan at may

kapirasong mangga malapit sa bibig mo." Ipinakita niya iyon.

Inalis nito iyon sa kanyang daliri. Sa pagtatama ng mga balat nila, animo may kuryenteng gumapang sa buong katauhan niya at nagpabilis ng tibok ng kanyang puso. Pinilit niyang kalmahin ang sarili upang palisin ang nadaramang sensation sanhi ng light touch nito.

Hindi nakaligtas sa pansin ng binata ang bahagyang panginginig ng kanyang kamay. Napatingin ito sa mukha ni Janelle at nakita ang pamumula ng kanyang mga pisngi. Lihim itong napangiti nang mapagtantong apektado siya sa ginawa nito. Ito man ay naapektuhan sa ginawa niyang pag-alis ng maliit na pirasong iyon ng mangga sa corner ng labi nito. Muntik pa nitong mahalikan ang kanyang daliri at isubo iyon dahil natutukso ito subalit pinigilan lamang ang sarili.

Nang tingnan niya si Rusty ay nagtama ang kanilang mga mata at nangusap ang mga iyon. Pakiramdam nila ay binalot sila ng magic nang mga sandaling iyon at sila lamang ang tao sa paligid. Tila may magnetong nagtutulak sa kanila upang ilapit ang mukha sa isa't isa. Malapit na malapit na ang kanilang mga mukha at magtatagpo na ang kanilang

mga labi nang gambalain sila ng ingay ng dumadaang eroplano mula sa himpapawid. Kagyat silang naglayo at parehong namula.

Ilang beses na huminga nang malalim si Rusty upang payapain ang nakakahibang na damdaming sumaklot dito. Gayundin ang ginawa ng dalaga. Nahihiyang sabay pa silang napatingin sa isa't isa.

"I... I'm sorry," mahinang sabi ng binata. Gusto nitong batukan ang sarili. Alam ni Rusty na hindi ito dapat nangahas na tangkain siyang halikan.

Isang matipid na ngiti lang ang isinukli ni Janelle rito.

Sa kabilang banda, disappointed si Lola Basilia sa naantalang paghahalikan ng magkaibigan. Sinisi nito ang eroplano na ngayon ay malayo na.

---

Nakabalik na sa Maynila ang dalawa. Sa kanyang silid nang gabing iyon, hindi makalimutan ni Janelle ang kamuntik na nilang paghahalikan ni Rusty. Kung hindi lamang sa linsyak na eroplano ay natikman na sana niya ang noon pang inaasam na halik ng lalaki. Noon pa niya pinagpapantasyahan ang paglalapat ng kanilang mga labi sa isang matamis na halik. Gusto niyang maramdaman kung paano ito humalik,

kung ano ang mararamdaman habang nakakulong sa matitipunong bisig nito. Dahil doon, lalo lamang nagulo ang kanyang damdamin. Lalong tumindi ang nadarama niyang lihim na pag-ibig para sa matalik na kaibigan.

Ang eksena sa ilalim ng puno ng mangga ay isang memorable experience para sa kanya. Alam niyang kahit kailan ay hindi niya malilimutan iyon. Para silang magkasintahan na napaka-sweet sa isa't isa. Kulang na lang ang most-awaited part niyon—ang kissing scene.

Napabuntong-hininga siya nang malalim. Naglalaro sa kanyang balintataw ang guwapong mukha ng binata. She knew he cared for her as a friend, pero higit pa roon ang gusto niya. Nais niyang makamtan ang isang bagay na para sa kanya ay isang impossible dream… ang pag-ibig nito.

---

Sa kabilang bahay naman, ninanamnam ni Rusty ang pangyayari sa Cavite. Talagang natukso siyang halikan si Janelle hindi lang dahil napakalapit nila sa isa't isa at napakaganda nito kundi udyok na rin ng damdaming kay tagal na niyang kinikimkim. Mahal niya ang matalik na kaibigan kaya naman lagi niyang gustong magkasama sila at kung maaari lang ay hindi

na sila maghihiwalay. Gusto niyang laging nasisilayan ang magandang mukha nito.

Si Janelle ang kabuuan ng babaeng nais niyang iharap sa dambana at makasama habang-buhay. Dangan nga lamang at hanggang magkaibigan ang relasyon nila.

Naalala niya ang sinabi ni Lola Basilia. Hindi nga kaya masisira ang friendship nila ni Janelle kung sakaling ligawan niya ito?

# 3

Maagang nakarating sa client meeting si Rusty sa isang malaking bangko sa Makati. Ang kompanya niya ang magiging official courier niyon sa mga print materials na ipadadala sa mga kliyente. Bago magtanghali ay natapos ang pakikipag-ugnayan nila.

Tumuloy na siya sa kanyang opisina sa Ortigas Center pagkakain ng lunch kasabay ang ka-meeting niya. Nang makapasok na siya sa private office niya at makaupo na sa swivel chair, sumagi sa kanyang isip si Janelle.

Tatlong buwan na niyang inaalagaan ang pagkakaibigan nila ni Janelle. Madalas silang nagpupunta sa bahay ng isa't isa at magkasama rin sa pamamasyal. Kapag may kinakailangan silang puntahan ay nagpapaalam sila sa isa't isa. Kung may oras din lang ay dumadalaw sila sa opisina. Nakaugalian na rin nila ang kiss on the cheek kapag nagkikita. Kung puwede nga lang ay kiss on the lips na. Matagal na rin niyang pinapangarap na matikman ang kissable na mapupulang labi ng dalaga.

He was already attracted to Janelle the very first time he saw her, pero alam niyang mali iyon dahil

may nobya pa siya sa mga panahong iyon. Hindi niya magawang ligawan ito. Pero ngayon ay malaya na siya....

Bigla ay naalala niya ang sinabi ng abuela—maghanap siya ng kasintahan. Sino naman kayang babae ang maipiprisinta niya rito?

Napukaw ang kanyang diwa nang marinig ang pagkatok sa pinto ng opisina niya. Iniluwa niyon si Brandon, ang kababata na matalik din niyang kaibigan. Isa itong financial consultant.

"Pare, naligaw ka. Kumusta na?" masayang salubong ni Rusty. Tumayo siya at lumapit sa bisita. Nagyakap sila.

"Mabuti naman, pare. Kagagaling ko lang sa Bangkok for a business seminar."

Tumangu-tango siya. "Iba na talaga ang sikat," palatak niya. "In demand ka nang speaker here and abroad."

"Of course. Ito ba namang guwapo kong ito, hindi ako dudumugin?" pagyayabang nito. Nagkatawanan sila. "By the way, kumusta na kayo ng dream girl mo? Napasagot mo na ba?" tukso nito.

Napabuntong-hininga ang binata. Bumalik siya

sa swivel chair at naupo. Natahimik siya nang ilang sandali.

Umiiling-iling na nagtungo si Brandon sa mini-bar na nasa isang sulok ng opisina. Nagsalin ito ng brandy sa wineglass, pagkuwa'y naupo sa visitor's chair sa harapan ng mahogany desk. Alam nitong may lihim na damdamin ang kaibigan para kay Janelle. Ito man ay boto sa babae.

Sumimsim muna ito bago nagsalita. "Pare, alam mong nag-iisa lang si Janelle. She's every man's dream girl—mabait, maganda, masipag, thoughtful, understanding... ano pa? Aba, lahat na yata ay nasa kanya. Hanggang ngayon ba'y hindi mo pa siya nililigawan?"

Bumuntong-hininga ulit siya at napatingin dito. "Natatakot ako, Brandon. I'm afraid she'll reject me."

"Nonsense! Hindi mo pa nasusubukan, sumusuko ka na."

"Hindi madali 'yon, pare. Isa pa, sinabi niyang hindi daw kami talo."

Napailing ito. "Still, you have to give it a try, pare. At least, pinalaya mo ang damdamin mo para sa kanya."

Tumingin sa malayo si Rusty. Hindi naman malaman ng kaibigan kung ano ang iniisip niya dahil blangko ang kanyang facial expression. Namayani ang ilang sandaling katahimikan.

"Malay mo, mahal ka rin niya not as a friend alone," patuloy nito.

Napahinga si Rusty nang malalim, ngunit hindi pa rin nagsalita.

"By the way," basag nito na muling kinuha ang basong inilapag sa mesa at uminom, "nandito pala si Stacey. She just got back from Italy. Nagkita nga kami sa isang restaurant kailan lang. Three years din pala ang inilagi niya d'on."

"Oh?" walang-ganang tugon niya. Kinapa niya ang damdamin. Wala siyang naramdamang kahit na ano. Simula nang makipag-break siya sa babae ay hindi na niya ginusto pang makabalita ng anuman tungkol dito....

---

Si Stacey Villeca ay naging girlfriend ni Rusty nang makatapos siya ng college. After graduation ay nagtayo ito ng fashion boutique at siya naman ay nag-manage ng family business nila.

*Five years ago, nagpunta siya sa New Zealand para dalawin si Lola Basilia. Nang umuwi siya ay kaagad siyang tumuloy sa townhouse ni Stacey. May napansin siyang isang kotseng nakaparada sa tapat ng bahay nito. Gabi na noon at ang ilaw sa sala ang tanging nakasindi. Bukas ang front door kaya nakapasok siya. Naisip niyang baka nasa silid ang nobya kaya pinuntahan niya roon.*

*Binundol ng kaba ang dibdib niya nang mapansin ang mga damit—ng babae at lalaki—na nagkalat sa sahig habang papunta siya roon. Sinundan niya iyon hanggang sa mapatapat siya sa pinto ng silid ng babae.*

*Lumakas ang kaba ni Rusty lalo na nang marinig ang mga ungol na nanggagaling doon. Biglang naningkit ang kanyang mga mata nang ma-realize kung ano ang maaaring nangyayari sa loob. Bugso ng matinding galit, pabalya niyang binuksan ang pinto at nahuli si Stacey na may katalik na ibang lalaki! Nagulat ang dalawang magkaniig.*

*"Mga taksil!" nasusuklam na sigaw niya. Mabibilis ang hakbang na lumapit siya sa kama. Hinalbot niya sa balikat ang kaulayaw ng katipan at malakas na sinuntok sa mukha. Napalugmok ito sa sahig. Binalingan niya ang babae. "How dare you do this to me, Stacey!" Marahas niyang hinawakan sa*

*magkabilang balikat ang nobya at niyugyog.*

*"Tama na, Rusty! Nasasaktan ako! Patawarin mo ako!" sigaw nito.*

*Marahas niyang itinulak sa kama si Stacey. Napasadsad ito roon. "Ginawa mo akong tanga! Totoo ngang niloloko mo ako! Habang nobyo mo ako ay nakikipagrelasyon ka pa sa iba! Sa lalaking iyan!" napopoot na sabi niya, sabay turo sa lalaking hindi pa bumabangon mula sa sahig. Isinumbong iyon sa kanya ng mga kaibigan niya na ayaw sana niyang paniwalaan noong una.*

*Umaagos ang luha sa pisngi ng babae habang nagmamakaawa. "Please try to understand, Rusty. Hindi ko sinasadya—"*

*"Hah! Akala mo ba maniniwala ako sa 'yo?" tiim-bagang na sambit niya. Matagal niyang pinaglipat-lipat ang tingin sa dalawang hindi kumikibo. "Tapos na tayo, Stacey! Magsama kayong dalawa!" Nagmamadali niyang nilisan ang silid. Hindi niya pinakinggan ang pagtawag sa kanya ng dalaga.*

Tinangka pa rin ng dating katipan na magpaliwanag at hinimok na magbalikan sila. Ngunit matigas si Rusty. Hindi niya pinakinggan ito. Hanggang sa magsawa na ang babae at hindi na siya

ginulo.

Simula noon ay iniwasan na niya ang magkaroon ng seryosong ugnayan sa sinumang babae. Hindi naman siya naging woman-hater. Kapag may nakilala siya at napansing nais makipagrelasyon sa kanya, ipinauuna na niya sa mga ito na wala siyang balak na mag-commit ng sarili. Flings lang ang mga ito para sa kanya.

Nang sa palagay niya ay handa na siyang muling umibig, si Aira na isang news correspondent ang naging pangalawa niyang nobya. Subalit dahil sa trabaho ng babae ay naging madalang na ang kanilang pagkikita, idagdag pang naililipat ito ng assignment sa ibang bansa. It was a mutual decision for both of them to end their six-month relationship. But Rusty wasn't devastated because he felt he wasn't really serious with Aira.

At sa panahong nagkakalabuan sila ay dumating si Janelle sa kanyang buhay....

---

"You heard me, Pare. Kinakamusta ka rin ng ex mo." Ang tinig ni Brandon ang pumukaw sa kanyang pagbabalik-tanaw.

Hindi kumibo si Rusty.

“Hindi mo pa rin ba siya pinapatawad?”

Bumuntong-hininga siya. “Alam mo, pare, n’ong una akala ko hindi ko magagawang patawarin si Stacey sa ginawa niya sa akin. But meeting Janelle changed that. Hindi lang naman siya ang babae dito sa mundo. Anyway, let’s not talk about Stacey anymore.”

Kinamut-kamot ng kaibigan ang noo nito. “Pero, pare, mukhang magkakaproblema ka. Your ex-girlfriend is bent on winning you back. Napansin ko ’yon sa kanya.”

Rusty’s face was expressionless. “Magsasayang lang siya ng oras. Hindi ko na siya mahal. Iisa lang ang babaeng gusto ko at alam mo kung sino.”

Tumangu-tango ito. “I know, I know. Mabuti na rin lang at nasabi ko sa ’yong nagkita kami ni Stacey. At least, hindi ka na magugulat kapag nagkita kayo isang araw. Nabalitaan niyang close ka kay Janelle at nakita kong determinado siyang ilayo ka sa kaibigan mong ’yon. Insecure siya, huh! Si Janelle pala ang katapat niya.”

Hindi na nagsalita si Rusty. Hindi nga malayong magtagpong muli ang landas nila ng dating nobya. Pero sigurado siya, hindi nito maaagaw ang puso

niya kay Janelle.

"Kaya ang mabuti pa, pare, huwag ka nang magpatumpik-tumpik pa. Ligawan na mo si Janelle. Sigurado akong may gusto rin siya sa iyo," nanunuksong saad ng kaibigan.

Napatingin siya rito. "Sigurado ka?"

"Ako pa? Lalaki ako, kita ko 'yun sa kanyang mga mata. Ewan ko ba naman sa 'yo, hindi mo alam na may pagtingin siya sa 'yo nang higit pa sa kaibigan. Kawawa naman si Janelle, mauunsyami pa yata ang kanyang pagsintang pururot sa 'yo dahil manhid ka." Tatawa-tawa si Brandon sa huling sinabi.

Natatawang binato ni Rusty ng paperclip ang kausap.

Naisip niya, bakit nga ba hindi niya subukang ligawan ang kaibigan?

# 4

Isang gabi ay isinama ni Rusty si Janelle sa birthday party ng isang client na idinaraos sa isang ballroom ng isang hotel. Desisido na ang binata na ligawan ang kaibigan.

Nandoon sila sa dance floor, nagsasayaw ng sweet sa saliw ng isang love song. Magkadikit ang kanilang mga katawan, hindi nag-uusap. Nakahilig ang ulo ni Janelle sa balikat ng kasayaw. Parang nakalutang sa cloud nine ang pakiramdam niya habang nakakulong sa mga bisig nito. Kay sarap damhin ang malalakas na braso nito sa kanyang katawan, feeling safe siya. Lalo pa at mahigpit ang hapit nito sa baywang niya.

Walang anu-ano ay hinaplos ng binata ang pisngi niya. Napaangat ang kanyang ulo at tiningnan ito. Walang salitang namutawi sa kanilang mga bibig. Nilaro ng daliri nito ang kanyang labi at lalo pa siyang hinapit nito.

Napapikit si Janelle nang mariin habang ninanamnam ang sandaling iyon. Gusto niyang halikan siya ni Rusty, gusto niyang maramdaman kung paano ito humalik, ang makulong sa mahigpit na yakap habang magkahinang ang mga labi nila.

Nais niyang mangyari na ang naudlot na halikan nila noon sa Cavite.

Natutukso naman ang binata na halikan ang kasayaw. Tila nag-aanyaya siya na mahalikan dahil nakapikit siya. Napagawi ang mga mata nito sa mapupula niyang labi. Napalunok ito at napabuntong-hininga. Unti-unting bumaba ang ulo nito upang halikan siya nang walang anu-ano ay isang boses-babae ang nagpatigil sa nais nitong gawin.

"Rusty, is that you?"

Nawala ang magic na bumabalot sa kanila sa dalawa. Sabay silang nag-angat ng tingin. Isang maganda at sophisticated na babaeng nakasuot ng silver gown ang tumambad sa kanilang paningin. Nakangiti ito habang ang mga mata ay nakatutok kay Rusty.

Nanigas si Janelle. Nakilala niya ang bagong dating. This was the woman who made her life miserable during her college days... Si Stacey!

Walang mababanaag na reaction mula kay Rusty. Naramdaman nito ang paninigas ng kasayaw. A sense of protectiveness enveloped him. Humigpit ang pagkakahapit nito sa baywang niya.

"What a small world, Rusty. Dito lang pala tayo

muling magkikita," sabi ni Stacey, hindi pansin ang blangkong tingin ng dating nobyo rito. Tumingin ito sa babaeng kasama ng lalaki. Nabura ang pagkakangiti nito nang mapagsino siya, tumalim ang mga mata. Mayamaya ay sumilay ang isang mapang-uyam na ngiti sa mga labi nito. "Janelle Llorente, right? How nice to see you again," anito sa malambing na tinig ngunit na-detect niya ang sarcasm sa likod niyon. Hinalikan pa siya nito sa pisngi.

Nagpalipat-lipat ang tingin ng binata sa dalawa. "You two know each other?"

Ibinalik ni Stacey ang atensyon dito, ngumiti nang matamis. "Of course we do, darling. Janelle and I were schoolmates way back in college."

Walang salitang lumabas mula sa kanyang bibig. Napakunot-noo siya sa narinig? *Darling? Nagkaroon sila ng unawaan n'on? Ito ba ang Stacey na ex-girlfriend ni Rusty?*

Tumangu-tango ito, hindi nakaligtas sa pansin nito na tila may animosity sa pagitan ng dalawa. "I heard you got back from Italy recently. I thought you're going to stay there for good."

"Oh, I'm sure si Brandon ang nagsabi sa 'yo niyan. Well, I got bored there. Wala namang masama kung

umuwi ako, di ba? Isa pa, I have something important to do here," makahulugan nitong sabi.

Parang nahulaan na ni Rusty kung ano ang tinutukoy ng dating katipan. Tumiim ang mga bagang nito.

"Sino pala ang kasama mong nagpunta rito?"

Tinitigan ito ng babae at tumawa. "Oh, if you're implying that I'm with him," anito na ang tinutukoy ay ang lalaking nahuli ni Rusty na kaniig nito noon, "nope, hindi siya ang kasama ko. Wala na kami. Lolo ko ang kasama kong dumating dito," patuloy nito na iminuwestra ang direksyon ng matandang lalaki.

Napatango ang binata. Naramdaman nitong humigpit ang kamay ni Janelle na nakahawak pa rin sa balikat ng kasayaw. Nang tingnan siya ay napansin ni Rusty na tila namumutla siya.

"Jane, are you all right?" masuyong tanong nito, hinaplos pa ang kanyang pisngi.

Naningkit ang mga mata ni Stacey sa nasaksihan. Nagtagis ang mga ngipin nito.

Tumango siya. "Y-yes, Rusty. Gusto ko lang sanang maupo, please."

"Sure." Bumaling ito sa ex-girlfriend. Hindi

nakaligtas dito ang matalim na ekspresyon. “Please excuse us, Stacey.” Hindi na nito hinintay na sumagot ang babae. Maingat nitong iginiya si Janelle pabalik sa mesa nila.

Nanlilisik ang mga matang sinundan ni Stacey ng tingin ang dalawa. Kitang-kita niya ang pag-aalala sa mukha ng binata para sa dating schoolmate. Umapaw ang selos sa dibdib niya nang makitang masuyong hinaplos ni Rusty sa buhok si Janelle at painumin ng juice. Pati na rin nang makitang tumayo ang dalawa at lumabas ng ballroom patungo sa balcony. Hindi nagugustuhan ng babae ang nasaksihan, tumalim ang mga mata. May nabubuo sa isip nito.

---

Sa balcony, natahimik lamang si Rusty habang pinagmamasdan si Janelle na sumagap ng sariwang hangin. Masuyo nitong hinaplos ang kanyang likod. Sa ginawa nito ay nakaramdam siya ng nakakakiliting sensation. Bumilis ang tibok ng kanyang puso. Naramdaman niya ang pagtindig ng kanyang balahibo sa batok. Ramdam din niya ang init na nanalaytay sa kanyang mga kalamnan. Nanginig siya. Napahugot siya ng malalim na hininga upang payapain ang sarili.

He felt her shiver. Inakala nitong nagsisimula na siyang lamigin nang umihip ang malamig na

hangin. Lumipat ito sa kanyang likuran at kinabig siya pasandal sa katawan nito, embracing her from behind.

“Okay ka na ba?” masuyong tanong ni Rusty sa kanyang tainga.

“Yes,” mahinang tugon ni Janelle. Hinaplos niya ang braso nitong nakayakap sa kanya. “I’m all right, you shouldn’t worry.”

Huminga ito nang malalim, ninanamnam ang pagkakadikit ng kanilang mga katawan. Hindi nito napigilan ang sarili na hagkan siya sa buhok. Idinikit nito ang pisngi sa kanyang pisngi.

“Jane, I couldn’t help but feel there’s something wrong, sa inyo ni Stacey. Care to talk about it?” His voice was soothing. Best friends man silang maituturing, hindi lahat ay nalalaman nila. They respected each other if they didn’t want to talk about something unpleasant. Kahit kaunting detalye lamang ang kanilang nasasabi tungkol sa isang pangyayari ay okay lang.

Subalit para kay Rusty, involved pareho ang dalawang babae sa buhay niya—his past and present. Knowing his former girlfriend, nahuhulaan nitong may hindi magandang naranasan si Janelle sa

mga kamay ni Stacey. Kaya ganoon na lamang ang pagnanais nitong malaman iyon.

Napapikit si Janelle. Dumaloy sa kanyang alaala ang kahapon nang siya ay estudyante pa... ang nakita niyang ngiti ng tagumpay sa nang-uuyam na mukha ni Stacey.

"Jane?"

Dumilat siya at napahugot ng hininga. "Russ, would you mind kung umuwi na tayo? Mamaya ko na sasabihin sa 'yo. I don't feel comfortable here."

Pumayag ang kaibigan. Matapos magpaalam sa birthday celebrant ay nilisan na nila ang hotel. Wala silang imik habang nagbibiyahe pauwi. Pero hindi muna siya inihatid ni Rusty sa bahay. Itinigil nito ang sasakyan sa mini-park ng subdivision. Inalalayan nito ang dalaga palabas ng sasakyan. Lumakad sila patungo sa bench at umupo roon. Tinatanglawan sila ng liwanag ng bilog na buwan bukod pa sa mga poste sa paligid.

"Okay, what now?" Hawak pa rin nito ang kanyang kamay maski nakaupo na sila.

Nakagat ni Janelle ang labi, iniisip kung paano uumpisahan ang salaysay. Huminga muna siya nang malalim.

"Katulad ng sinabi sa 'yo ni Stacey, schoolmates kami. Magkaiba lang kami ng course. I met her through a mutual friend, pero hindi na maganda ang vibes ko sa kanya." Nagkibit-balikat siya. "Ewan ko. Para kasing siya ang tipo ng babaeng hindi gagawa ng maganda. Nakataas pa ang kilay niya nang ipakilala kami. She was never my friend. She's just a mere acquaintance.

"Nang magkakilala kami, kasama ko n'on ang manliligaw kong si Denny." Saglit siyang tumigil. Ang binata naman ay nakadama ng kaunting selos sa narinig na pangalan, ngunit iwinaksi nito iyon sa isip. Nakaraan na iyon, wala na dapat ipagselos. "Nakita kong interesado si Stacey sa kanya. Panay nga ang pa-charming. Lagi pa akong sinisimangutan tuwing napapatingin sa akin."

"Go on," susog ni Rusty.

"Madalas kaming magkasama n'on ni Denny and I was on the verge of saying yes to him dahil may nararamdaman na rin ako para sa kanya. But lately, napansin kong madalang na siyang nakikipagkita sa akin. 'Yun pala ay parati na silang nagkakasama ni Stacey. There was even a time na nakita ko silang dalawa sa isang pizza parlor. May usapan pa kami na magkikita mismo sa araw na 'yon. Hindi na nga

kami natuloy sa aming date dahil kay Stacey.

“Then isang araw ay kinompronta ako ni Denny at pinaratangan na sinisiraan ko daw siya. Hindi totoo ‘yon. I tried to explain but to no avail. Nang tanungin ko siya kung kanino niya nalaman ang maling akusasyon niya sa akin, sinabi niyang hindi na ’yon mahalaga. Nawala siya sa akin, nasaktan ako.

“A few days later, nabalitaan ko na lang na magkasintahan na sila ni Stacey. I can never forget the insulting smile she threw at me nang makita niya ako minsang masalubong ko sila ni Denny. It was then that it occurred to me, si Stacey ang ugat ng gulo.” Nabasag ang boses ni Janelle. Inakbayan siya si Rusty at isinandig ang kanyang ulo sa balikat nito.

“Umiyak ako. Then I realized that a man like Denny is not worth crying for. Dahil kung mahal niya ako, hindi siya basta-basta maniniwala sa anumang masamang sinabi ko raw against him.”

“You’re right. Hindi mo siya dapat pag-aksayahan ng luha. Marami pang ibang lalaki ang magmamahal sa ’yo.” *Ako, Jane, mahal kita....* piping sabi ng puso ni Rusty.

Inangat niya ang mukha at tiningnan ang lalaki. Nagtama ang kanilang mga mata at nagngitian sila.

Yumakap siya sa kaibigan. *Kung sana'y mahal mo ako, hindi bilang kaibigan lang,* dasal ng kanyang puso.

Gumanti ng yakap si Rusty. Matagal sila sa ganoong posisyon. Mayamaya ay maingat na kumalas si Janelle mula sa mga bisig nito.

"Teka, Russ. Hindi ko alam na magkakilala pala kayo ni Stacey. Siya ba ang naging girlfriend mo noon?" maingat niyang tanong.

Huminga ito nang malalim at tumango.

"Ang weird na pareho pala nating kilala si Stacey Mortel," napapailing na sabi ni Janelle.

Napatingin ito sa kanya. "What did you say? Stacey Mortel?" Tumango siya. "But I knew her as Stacey Villeca," tutol nito.

Napatitig siya rito, napakunot-noo. "What?"

"Villeca ang apelyido ni Stacey, hindi Mortel."

Lumalim ang kunot sa kanyang noo. "Alam mo, Russ, hindi ko maintindihan. Nang ipakilala siya sa akin, sabi ay Stacey Mortel, hindi Stacey Villeca. Surely, there can't be two Staceys." Napaisip siya. "Unless siguro...."

"Wala pa siyang asawa nang magkakilala kami."

Natahimik siya.

"Well, wala akong ibang alam. Basta ang sinabi niya ay patay na ang mga parents niya and she's staying with her wealthy grandfather. Sandali, bakit ba natin siya pinag-uusapan? Now you know she's my ex-girlfriend, that's all I can say. Wala akong balak makipagbalikan sa kanya kung 'yun ang iniisip mo."

Nakahinga si Janelle nang maluwag. Subalit bakit parang may maliit na tinig na nagsasabi sa kanyang dapat siyang mag-ingat ngayong nagtagpo muli ang landas nila ng dating schoolmate? May mangyayari na naman bang hindi niya magugustuhan?

---

Samantala, sa hotel na pinuntahan ng magkaibigan ay nakatayo sa balcony si Stacey habang may hawak na isang kopita ng alak. Naniningkit ang mga mata niya sa galit. Nakita niyang umalis sina Rusty at Janelle.

*If I made your life miserable before, Janelle Llorente, I will make it even more miserable now, determinadong sabi niya sa sarili.*

Naalala niya ang panahong inagaw niya rito ang manliligaw nitong si Denny. Wala na sila ng lalaki. She dropped him like a hot potato nang dumating

ang isang pangyayari na nagpabago sa buhay niya. Hindi niya akalain na isa lang pala siyang ampon. She was given up for adoption to a married couple by her real mother when she was six months old, after her father left them for another woman. Nagrebelde siya sa nakagisnang mga magulang.

Two months after college graduation, may isang lalaking abogado na nagpunta sa bahay nila at sinabing hinahanap siya ng kanyang lolo, ang ama ng kanyang tunay na ina. Nang makita niya ang abuelo sa unang pagkakataon at nakitang napakayaman nito, hindi siya nag-atubiling iwan ang kinilalang mga magulang. Itinakwil pala ng matanda ang kanyang ina nang sumama ito sa isang lalaking hindi nito gusto at nakabuntis pa sa babae. Inampon siya ng kanyang lolo at pinalitan ang apelyido niyang Mortel sa apelyido nito na Villeca. Kaya Stacey Villeca na ang ginagamit niyang pangalan since then.

Nabuhay ang pagnanais niyang mapasakanya muli si Rusty. Nang malaman niya mula kay Brandon na nahihibang ang matalik nitong kaibigan sa isang babae, hindi siya nag-aksaya ng panahon na usisain ito. Nang marinig ang pangalan ni Janelle, iisa lamang ang pumasok sa kanyang isip. Ito ang babaeng siniraan niya noon. Ngayong ang dating nobyo ang malapit sa puso nito, gagawin niya ang

lahat upang hindi magkatuluyan ang dalawa.

*Akin si Rusty. Walang ibang maaaring magmay-ari sa kanya kundi ako lang! Ako lang ang may karapatan sa kanya! Hinding-hindi ako makakapayag na mapapasaiyo siya, Janelle!*

---

Two days later, sa hardin ng bahay ng mga Llorente ay nakaupo si Chatty at nagbabasa ng libro. Dumating si Janelle na may dalang tray ng merienda. Inilapag niya iyon sa bilog na mesa at naupo sa tapat ng pinsan. Nagsasalin siya ng juice sa baso nang magbasa nang malakas ang kaharap.

"*The meaning of love is inexplicable. It can't be described similarly by everyone—but one thing's for sure, love begins with 'friends lang kami.'*" Nag-angat ito ng tingin mula sa libro at itinuon ang mga mata sa kanya. "O, bakit?" patay-malisya nitong tanong nang mapansing nakatitig siya rito.

"Pinariringgan mo ba ako?" sita ni Janelle. Ibinaba na niya ang pitcher ng juice matapos salinan ang isa pang baso.

"Ako? Aba, of course not, cousin." Nakakalokong ngumiti pa ito at ibinalik ang pansin sa binabasa. "'*The hardest part of loving is when you can only view*

*the person you love from a distance and not be able to tell him how much you love him because to him you are just his friend.*' Ouch, my heart!" napapikit at exaggerated nitong sabi, sabay lagay ng libro ng tapat ng dibdib nito.

Napatingin siya roon at binasa ang title, *Text Collections: More Best Quotes About Friends and Lovers*. Nagpakawala siya ng isang di-maintindihang kataga. Sinipa niya sa ilalim ng mesa ang babae. Napadilat ito nang mapaaray.

"Ano ba! Ang sakit n'un, ah!"

"Ikaw talaga, Chatty, kahit kelan hindi mo ako titigilan d'yan sa panunukso mo."

"Hmph! Pa'no ba kita titigilan, eh, hanggang ngayon iginigiit mo pa ring hanggang friends lang ang puwede sa inyo ni Rusty. Hoy, gising! Ang tagal na 'yang ligaw-tingin n'yo, magpakatotoo ka, Sister! Puwede ba, put an end to both your miseries at nang maging masaya na kayo. Para naman happy ending na, ano!"

"Chatty..."

"Don't say you'll let go of a very good thing that happened in your life just because wala nang hihigit pa sa inyo except friendship. But deep in

your heart, you're still holding on. And here you are still making that stupid resolve: keep the friendship, no expectations kaya lang sa loob-loob mo naman tutol ka. Aba, Janelle! Hindi 'ata maganda 'yun. Pinapahirapan mo lang ang sarili mo."

Napakagat-labi siya. "Ano ang gusto mong gawin ko? Tell him how I feel about him?"

Umikot ang mga mata ng kausap. "Hay naku! Paulit-ulit na lang tayo d'yan, alam mo ba? Look, Janelle, if there is something in your heart that you feel is right, go after it, no matter what it takes. In the end, you'll be glad you fought for what you believe in."

Hindi siya umimik.

Bumuntong-hininga ito. "Sige nga, kung hanggang magkaibigan lang ang puwedeng mangyari sa inyo ng dream boy mo, patunayan mo sa akin by looking for a boyfriend knowing na niloloko mo lang ang sarili mo kasi iisang lalaki lang ang gusto mo. That you'll let him go, give him up without a fight. Aber, gawin mo nga," hamon nito.

Nalungkot si Janelle, nagbaba ng tingin.

"O, kita mo na?" Huminga nang malalim si Chatty bago kinuha ang librong nakapatong sa mesa. She

browsed through the pages until she found something na sa isip nito ay puwedeng magpayanig sa pinsan. “Listen to this: ‘*Letting go of someone dear to you is hard, but holding on to someone who doesn’t even feel the same is harder. Giving up doesn’t mean you’re weak. It only means you’re strong enough to let go.’*

“Pero sa kaso mo, Janelle, hindi mo kaya. You feel like giving up kasi para sa iyo, wala nang pag-asa na makukuha mo ang pag-ibig ni Rusty. But come to think of it, ang mga pag-aalala ba niya sa ’yo ay dahil kaibigan ka niya? Yes it is, pero may pagmamahal din d’un. Hindi man direktang ipahayag, mahal ka niya,” pangungumbinsi nito.

Tahimik pa rin siya. Tama si Chatty, aminado siya. Napailing naman ito. Muli nitong inilapag ang libro sa mesa at kinuha ang baso ng juice para uminom. Napatingin siya sa babasahin at kinuha iyon. Walang imik na ini-scan niya ang mga pahina. Pinagmamasdan naman siya ng pinsan.

Napatda siya nang mabasa ang isang quote: *The hardest thing in the world is to reveal a hidden love.* Lumipat ang kanyang mga mata sa isa pa: *Love can never be forced or created if it was never meant to be there at all nor can be destroyed if it was destined to survive.* Bigla ay sumagi sa isip niya ang larawan ng

tatlong tao—siya, si Rusty at si Stacey.

Makakapayag ba siyang maiwang luhaan at inagawan ng lalaking pinakamamahal at makitang nagtagumpay si Stacey na makuhang muli si Rusty? Kailangan na siguro niyang kumilos para sa kanyang kaligayahan.

Isang araw ay naisipang mamasyal ng magpinsan sa isang shopping mall. Tumuloy sila sa isang restaurant upang doon kumain ng tanghalian. Nag-excuse muna si Janelle kay Chatty upang magpunta sa rest room. Lingid sa kaalaman niya, may isang pares ng naniningkit na mga mata ang nagmamasid sa kanya. Sinundan siya ng may-ari niyon pagkatapos ng ilang sandali.

Kalalabas lang ni Janelle mula sa isang cubicle ng rest room. Nabigla siya nang madatnan ang isang babaeng nakahalukipkip na nakatayo sa harap ng salamin, nakatingin ito sa kanya at inaabangan ang paglabas niya. Walang ibang tao maliban sa kanila.

“So we meet again, Janelle Llorente.”